7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

5

s

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024- 2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat**:

- Naomi G. Saligumba (Cupang NHS)

**Tagasuri**:

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (ANYONG PATULA) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at comic book na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit kasanayang pang-akademiko<br>Nasusuri ang tekstong ekpositori batay sa estruktura nito<br>-deskripsyon o pagbibigay katuturan<br>Naipapaliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal-<br>(estereotipo-pangkat, etnisidad, diaspora, inklusibo)<br>Nakabubuo ng isang tekstong ekspositori-(pagbibigay-katuturan/ enumerasyon at pag-iisa) sa pamamagitan ng tekstong multimodal |
| **D. Nilalaman** | TEKSTONG IMPORMASYONAL (Tekstong Ekspositori)<br>• Pagbibigay-katuturan |
| **E. Integrasyon** | Pagbabawas sa Kawalan ng Pagkakapantay-pantay<br>SDG 16: Kapayapaan, Katarungan at Matatag na Institusyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Amianan Balita Ngayon (2019) Resulta ng PISA pagbubukas nga ba sa katotohanan sa estado ng edukasyon? https://amiananbalitangayon.com/resulta-ng-pisa-pagbubukas-nga-ba-sa-katotohanan-ng-estado-ng-edukasyon/<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7 (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications. |

Madarang, Catalina Ricci S. (2018) Baybayin, Kurdita, at iba pa: Origins and significance of native Philippine scripts https://interaksyon.philstar.com/trends-spotlights/2018/11/19/138510/baybayin-kurdita-at-iba-pa-origins-and-significance-of-native-philippine-scripts/

Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 7.


Rosendale, Mika Allia L. (2024) Baybay Saysay sa Ikaanim na Baitang. Glad Tidings Publishing, Inc. 22 Ubas St. Phase 2, Town & Country Executive Village Brgy. Mayamot, Antipolo City, 1870 Philippines. p. 240-242

Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Salazar, Z. A. (2004). Kasaysayan ng Kapilipinuhan. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng-kapilipinuhan.pdf

Tandang, Dian. https://www.academia.edu/40115940/FILIPINO_Baitang_8_Yunit_1_Mga_Karunungang_bayan

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). VMV Publishing House. Makati: Bangkal


<table>
<tr><th colspan="2">III. III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td>
<td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br><br>I-tambal Mo!<br>Panuto: Gamit ang Tambal-Salita, pagtambalin ang mga salitang nagsasaad ng magkatulad na kahulugan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>lumbay — naglaho<br>sakuna — lungkot<br>duwag — aksidente<br>kabiyak — libro<br>aklat — naunawaan<br>naintindihan — takot<br>nawala — asawa<br><br>Puso-in Mo!<br>Panuto: Gamit ang teknik na word association, magbigay ng kaugnay na salita na nasa loob ng puso.<br></td>
<td>Mga Tamang Sagot:<br><br>1. lumbay-lungkot<br>2. sakuna-aksidente<br>3. duwag-takot<br>4. kabiyak-asawa<br>5. aklat-libro<br>6. naintindihan-naunawaan<br>7. nawala-naglaho<br><br>• Iproseso ang gawain sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.<br>1. Ano ang ginawa natin sa dalawang salitang nakahanay?<br>2. Bakit mahalaga na alam natin ang iba pang</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Itanong**:<br>1. Anong paraan ang ginamit sa pagbibigay ng kaugnay na salita?<br><br>2. Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba ng pagbibigay- kahulugan sa pagbibigay ng kaugnay na salita? | kahulugan ng isang salita?<br>3. Sa paanong paraan makatutulong kaalaman sa pagbibigay ng kahulugan upang maintindihan ang isang akda?<br><br>Magbigay-linaw ang guro kung mayroong katanungan. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Mahalagang ang mambabasa ay may sapat na kaalaman at kakayahan sa pag-unawa ng kanyang binabasa. Mula sa pag-unawa ng mga salita ay tutungo ang lahat sa pag-unawa ng mga pangungusap, talata o isang buong sanaysay.<br>**Tekstong Imposmasyonal o Impormatibo** ang tawag sa mga akdang nagtatangkang magpahayag ng impormasyon, datos o katotohanan hinggil sa isang paksa. Bahagi ito ng **Tekstong Ekpositori** na ang layunin ay ipahayag sa mga mambabasa ang mga impormasyong nararapat nilang maunawaan. Hindi ito piksyon o kathang-isip bagkos ay bunga ng pananaliksik at masusing imbestigasyon. Ang mga halimbawa nito ay mga balita, tesis, editoryal o mga lathalaing pumapaksa sa mga nanapanahong mga isyu. Sa ibang pagkakataon, may mga tula, awit, nobela, dula, dokumentaryo o pelikulang hango sa tunay na buhay na ang layunin din ay ibahagi ang katotohanan sa kasaysayan o sa mga mahahalagang pangyayari. Nagiging Tekstong Ekspositori ang mga ito kung mapatutunayang totoo ang nilalaman ay hindi inimbento o nilikha bilang propaganda para pagandahin ang imahe ng isang pulitiko sa panahon ng eleksyon.<br>Samakatuwid, kahit ang isang akda o artikulo ay mukhang **Tekstong Impormasyonal**, kailangan pa ring maging mapanuri ang mambabasa para matiyak na totoo ang impormasyong nakapaloob sa akda upang hindi malinlang ng mga *fake news* o nilikhang mga videos para sa interes ng mapagsamantalang iilan.<br>Samantala, ang mga **Tekstong Biswal** naman ay maaaring nasa anyo ng graph, karikatura o anumang guhit o larawan na nagpapakita ng mahalagang impormasyon. Pansinin ang Tekstong Biswal sa ibaba: | |

**Resulta ng PISA pagbubukas nga ba sa katotohanan ng estado ng edukasyon?**




Anong impormasyon ang makikita sa larawan?

Ano ang ipinapahiwatig ng Tekstong Biswal kaugnay sa kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas?

Bilang mag-aaral, ano ang iyong tungkulin kaugnay ng larawan? Bakit?

**Makabuluhang Gawain**

Magsaliksik sa naging resulta ng PISA 2022 at talakayin ang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas.
Gamit ang mga impormasyong nakalap, magbigay ng mga panukala upang mapaunlad kalagayan ng edukasyon sa bansa.

**3. Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan**

Ipabasa ang maikling kuwentong "Ang Kalupi" na isinulat ni Benjamin Pascual.

Sa paraang UGNAYANG- TANONG-SAGOT, ipasagot ang mga tanong:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa akda?
2. Ilarawan ang sumusunod na tauhan:

a. Aling Marta
b. batang lalaki
c. Pulis

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paano nakaapekto ang pagkakaroon ng estereotipo sa kinahinatnan ng tauhan?<br><br>**I-biswal Mo!**<br><br>Panuto: Mula sa natutuhan sa tekstong biswal, suriin o bigyan ng sariling pagpapakahulugan ang pamagat ng akda "ANG KALUPI". Gamitin ang grapikong presentasyon sa pagsusuri.<br><br>Pagkatapos ng presentasyon ng mga mag-aaral ay hayaang ihayag ang kanilang naobserbahan / naunawaan | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo Tungkol sa Baybayin**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Basahin ang Sanaysay sa ibaba at sagutin ang mga katanungan :<br><br>**Mula Baybayin Hanggang Text Messaging**<br>Bahagi ng Sanaysay ni Joel Costa Malabanan<br><br>Higit pa sa dekorasyon ang papel ng Baybayin sa pagbubuo natin ng pagkakakilanlang Pilipino. Bago pa dumating ang mga Kastila, ginagamit na ito ng mga Babaylan sa panggagamot. Sa pananaliksik ni Dr. Vicente Villan (2009) ng UP Diliman ay sinabi niyang "Tinintindigan ko ang Baybayin bilang mahalagang sagisag ng ating pagkamamamayan at pagkabansa. Ito ay natatangi dahil hugot mula sa bayan ang nasabing pamanang | |

| | | |
|---|---|---|
| | pangkalinangan -- kasangkapan ito sa ugnayang panlipunan, gawaing panrelihiyon, at sa kalusugan."  Samakatuwid, sagrado ang  Baybayin para sa mga gumagamit nito sa Luzon at sa Kabisayaan.<br><br>Ang tawag na Baybayin ay isang katagang pangkalahatan sa wikang Tagalog na tinutukoy ang lahat ng titik na ginagamit sa pagsulat ng isang wika. Ibig sabihin, isang “alpabeto” – subali't mas kahawig ito ng isang "syllabary" o palápantigan.<br> Nakatala itong pangalang ng lumang sulat sa ang Vocabulario de Lengua Tagala noong taong 1613. Ito'y mula sa salitang- ugat na “baybay” na nangangahulugang ispeling. Sa mga sulatin ng mga unang Espanyol, ang karaniwang tawag nila sa baybayin ay ang mga “titik o sulat ng mga Tagalog.” (Morrow, 2002)<br><br>Noong panahon ng mga Kastila, ang Baybayin ay patuloy na ginamit ng mga ninuno nating ayaw tumanggap sa Kristiyanismo at sa gobyernong kolonyal. Kaya paano masasabing walang bahid ng pulitika ang paggamit ng Baybayin? Kakambal ng paggamit ng Baybayin ang pakikibaka laban sa pananakop at pambubusabos. Hindi ito kagaya ng iniisip ng mga kabataan ngayon na pamporma o ginagamit lamang "for fun".<br>Sa usapin ng pagpapaunlad ng kamalayan at kakanyahan, higit na mahalaga ang papel ng Baybayin sa kasalukuyan.<br><br>Kung maisasabatas ang HB 1022, ang malawakang paggamit ng Baybayin ay nangangahulugang "aangkinin" natin ang teknolohiyang dayo gamit ang sariling wika at sariling paraang pagsulat. Ang pag-abandona natin sa spelling ng mga dayong konsepto ay simula ng pag-angkop natin ng kaisipan sa diwa at kamalayang Pilipino. Baybabayin natin ang lahat ng dayong tawag at isasalin sa Filipino at iba pang rehiyunal na wika. Ganito rin ang ginawa ng ibang bansa tulad ng China, Japan, Malaysia, Indonesia, Thailand upang paunlarin ang kanilang edukasyon gamit ang sarili nilang wiika at sistema ng pagsulat. Kaya ang paggamit ng Baybayin ay instrumento laban sa imperyalismo at kolonyal na sistema ng edukasyon na malaon nang umiiral sa Pilipinas.<br><br>Palaging may pulitika sa paggamit ng Baybayin lalo pa pag sinuri ang kontekstong historikal kung bakit ito umiiral. Sagradong pamamaraan ito ng pagsulat na nakaugat sa kasaysayan ng ating bansa na hindi dapat kalimutan. Sa panahong ito ng cultural imperialism kaakibat ng globalisasyon, ang Baybayin ay sandata sa pakikibaka at pagpapalaya ng diwa.<br><br>Kaugnay ng text messaging, may malaking pagkakatulad ang proseso ng paggamit nng salita sa cellphone at ang pagpapantig gamit ang Baybayin. Sa cellphone ang pagpapantig at pagpapaikli ng salita ay tulad rin sa prinsipyo ng pagpapantig gamit ang Baybayin. Halimbawa, kung itatayp sa cellphone ang pangungusap na PUPUNTA AKO SA BAHAY, | |

tiyak na ganito ito paiikliin sa PPUNTA AKO S BHY. Malinaw na ang texting at ang paggamit ng Baybayin ay parehong nakabatay sa konsepto ng pagpapantig. Magiging kumplikado ang lahat kung taglish ang pagtetext, halimabawa, PPUNTA ME SA HAWS katumbas ng naunang halimbawa.

Hiwalay sa paksa ng Baybayin, nababahala ang mga lingguwista sa tinatawag nilang pagkawasak ng balarila sa wikang English man o sa Filipino. Kung tutuusin ay wala namang problema rito kung nagkakaunawaan naman ang dalawang nagpapalitan ng text messages ngunit lumilitaw ang problema sa mga estudyante kapag sila ay naatasang gumawa ng sulating pagsasanay sa Filipino. Ang panghalip na niya ay nagiging nya at ang siya ay nagiging sya. Mas malala pa ang pagkasira ng konsepto ng pamanahunan ng pandiwa at ang maling paggamit ng pang-ugnay na nang na bunga na rin ng pagkasanay ng mga mag-aaral sa pagpapaikli ng mensahe sa cellphone. Kung kaya ang panukala sa ganitong sitwasyon ay mahigpit na pagwaswasto ng mga guro sa mga munti mang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat nila ng mga pormal na komposisyon upang matiyak na ang mga batas sa balarila ay naipatutupad. Sa ganitong paraan ay mapipigil ang pagkasira ng mga panuntunan sa wika.
Kung talagang susuriin ay hindi naman talaga bago ang texting ayon kay Dr. Isagani Cruz. Sa kanayang artikulong may pamagat na ANG TXTNG BLNG TXTO na lumabas sa MALAY XVII (1) noong Agosto 2002, ipinaliwanag niya na ang proseso ng texting ay walang ipinagkaiba sa speedwriting noon pa mang unang panahon sa England. Ang nabago lang ay ang teknolohiya ng paggamit ng speedwriting sa cellphone. Binigyang diin din ni Dr. Cruz na maging sa Baybayin ay may istruktura ng texting lalo pa sa Bisayang pagbabaybay ng mga pagbating maayong aga, maayong buntag, maupay na aga, daghang salamat.

Anupa't ang ebolusyon ng wikang Filipino mula sa Baybayin patungong text messaging ay sadyang malinaw na masasalamin kung pagtutuunan ng pansin. Kung kaya, kung patuloy na payayabungin ang paggamit ng Baybayi, hindi kataka-takang balang araw ay magkaroon na ng espesyal na computer na ang keypad ay may Baybayin o gaya ng apps sa cellphone kung saan pwede nang magteks gamit ang Baybayin. Ang kailangan lamang ay ating pahalagahan ang paggamit nito at huwag isipin ang depinisyon ng praktikalidad na nakabatay sa dikta ng dayuhan sa ating ekonomiya at kultura.

Kung gagamit ng Baybayin para sa mga salitang English at *technical terms*, kailangang pantigin muna sa ito Filipino. Kung kaya, pababibilisin nito ang pag-andukha, o ang pag-angkin ng ating wika sa mga terminong dayo. Iluluwal na mismo ng ganitong paraan ang "indeginization" at pagsasakonteksto ng isang kaalaman patungo sa atin mismong kamalayan at kultura. Kung patuloy na payayabungin ang Wikang Filipino at gagamitin ang Baybayin, ang susunod na henerasyon ang makikinabang sa pagpupunyaging maaaring pasimulan natin ngayon sa kasalukuyan.

Marami ang tutol sa pag-aaral ng Baybayin gayong kapag nagteteks tayo gamit ang Filipino ay ginagamit natin ang prinsipyo mismo ng pagpapantig gamit ang pamamaraan ng Baybayin. Natatakot ang mga matatakutin sa deklarasyon ng Baybayin bilang "official writing" samantalang hindi naman papaslangin ang nakagisnang pamamaraan. Kung tamad ang matatanda at ayaw mag-aral, tiyak namang sa mga estudyanteng millennials at generation Z ay madali lamang ito dahil likas naman sa kanila ang mag-aral ng pagsulat ng mga Koreans, Japanese at Chinese.

Siyempre, mas mainam kung habang pinag-aaralan ang Baybayin ay pinag-aaralan din natin ang kalagayan ng mga kababayan nating Lumad at iba pang katutubo at nakikisangkot tayo upang labanan ang *development aggression* na nagaganap. At habang nakikiisa tayo upang tutulan ang pagkawasak ng ating mga gubat at kabundukan dahil sa pagmimina ay itinataguyod din natin ang pagpapayabong ng pagtuturo ng Filipino at kasaysayan ng ating bansa sa sistema ng ating edukasyon.

Kaya kaugnay sa HB 1022 ni Cong. Bataoil, basahin at unawin ito. Kung may puna, makisangkot, magpanukala at dumalo sa mga forum. Kaysa naman basta tumutol nang wala namang sapat na nalalaman at nagmamagaling lamang.
Eto ang kopya ng HB 1022: [http://www.congress.gov.ph/legisdocs/basic_17/HB01022.pdf](http://www.congress.gov.ph/legisdocs/basic_17/HB01022.pdf)

**BAHAGI-KAALAMAN:** Magbahagi ng kaalaman tungkol sa iba pang sinaunang paraan ng pagsulat sa Pilipinas. Gamiting gabay ang tekstong biswal sa ibaba:



Kinuha mula sa: https://interaksyon.philstar.com/trends-spotlights/2018/11/19/138510/baybayin-kurdita-at-iba-pa-origins-and-significance-of-native-philippine-scripts/

Gamitin ang talahanayan sa pagsagot.

| Sistema ng Pagsulat | Etnisidad na Pinagmulan | Pananaliksik sa Kalagayan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Itanong*:*
Sang-ayon ka ba sa panukalang gawing national script ang Baybayin? Bakit?

**2. Pagsulat Gamit ang Baybayin.** Magsaliksik sa internet tungkol sa pagbasa at pagsulat gamit ang Baybayin. Pagkatapos ay isulat ang mga sumusunod na salita gamit ang Baybayin.


a. kalayaan
b. pagkakaisa
c. katarungan
d. alamat
e. kultura
f. edukasyon
g. bayanihan
h. kaloobang bayan
i. pakikibaka
j. kapayapaan
k. pamayanan
l. batang makabansa
m. nasyonalismo
n. soberanya

<table>
<tr><td></td><td>o. pambansang pag-unlad</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**BINTANA-UNAWA:** Ilahad ang natutunan mula sa talakayan.




**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.
Sa linggong ito:

- Nalaman kong ______________________________________________.
- Naranasan kong ____________________________________________.
- Naramdaman kong ___________________________________________.
- Para sa akin, ang Baybayin ay mahalaga sapagkat ____________________________________________________________.
- Bilang mag-aaral, tungkulin ko na ___________________________.

</td><td></td></tr>
</table>

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | Gamit ang Pangkatang Pananaliksik, bumuo ng isang Tekstong Biswal tungkol sa Islogang “MATATAG: Bansang Makabata, Batang Makabansa”. | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Ang pamantayan sa pagmamarka ay itatakda ng guro at ng klase.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>